

Madalas na tinatanong tungkol sa COVID-19 sa katangian ng pagiging karapat-dapat sa Apple Health

1. Ako ba ay nasa peligro dahil sa pagkawala ko sa aking Apple Health (Medicaid) noong panahon ng pandemyang COVID-19?

Ang Health Care Authority (HCA) at ang mga kasosyo nito ay tutulong na itigil ang pagwawakas ng saklaw para sa lahat ng mga tumatanggap ng Apple Health maliban kung ay indibidwal:

- Humiling ng pagwawakas;
- Ay hindi na residente sa estado ng Washington; o
- Ay pumanaw na

2. Nakatanggap ako ng sulat na ang aking saklaw ay isinara dahil sa walang pagpapanibago. Paano ko maaaktibo ang saklaw ko ulit?

Kung naipasara ang saklaw ng iyong pangangalaga sa kalusugan dahil sa pagpapanibago, ang tauhan HCA eligibility ang maglalagay nito ulit sa dati. Makakatanggap ka ng sulat na kinukumpirma ito. Kung may mga katanungan ka o ang iyong saklaw ay hindi pa naibalik sa dati, tawagan ang 1-800-562-3022.

3. Kailangan ko pa bang magbigay ng beripikasyon para sa kahilingan ko sa aking dating may bisa na saklaw?

Kung hindi ka makapag padala ng katibayan ng kita dahil sa COVID-19, ang HCA ay tatanggap ng sariling pagpapatunay ng kita para sa katangiang-angkop ng dating may bisa na saklaw simula Pebrero 2020 at para sa bawat buwan na naapektuhan ng COVID-19.

4. Maaari ba akong humiling na dagdag para sa impormasyon na dahil sa HCA o sa Department of Social and Health Services o DSHS?

Oo. Kami ay nagbibigay ng karagdagang 30 araw para magbigay ng hiniling na impormasyon. Maaari kang makipag ugnayan sa HCA sa 1-800-562-3022 o DSHS sa 1-877-501-2233.

5. Kailangan pa ba ang pag-ulat ng pagbabago?

Oo. Kung hindi ka na tumatanggap ng kita o kumita mula sa pagkawala ng trabaho, kailangan mong iulat ang pagbabago sa pamamagitan ng paggawa ng pagbabago sa iyong aplikasyon.

6. Ako ay kasalukuyang tumatanggap ng saklaw ng Apple Health at ngayon ako ay buntis. Do I need to report my pregnancy?

Oo. Dapat mong iulat ang iyong pagbubuntis.

7. Ako ay tumatanggap na ng saklaw ng Apple Health; kailangan ko pa bang iulat ang aking kita mula sa kawalan ng trabaho o ang karagdagang \$600 na benepisyo para sa kawalan ng trabaho bawat linggo?

Huwag, huwag mo iulat ang kita na ito kung ikaw ay kasalukuyang tumatanggap ng Apple Health.

8. Makukuha ko ba ang karagdagang \$600 na benepisyo ng kawalan ng trabaho bawat linggo?

Oo, karamihan sa mga indibidwal na angkop para sa kawalan ng trabaho ay tatanggap ng karagdagang benepisyo bawat linggo. Para sa karagdagang impormasyon, pakiusap kitain ang [FAQs na ibinigay ng WA Employment Security Department](#).

9. Kailan ako magsisimulang makatanggap ng karagdagang \$600 na benepisyo para sa kawalan ng trabaho bawat linggo?

Inaasahan ng estado ng Washington na ipamahagi itong kita simula 4/20/2020. Para sa karagdagang impormasyon, pakiusap kitain ang [FAQs na ibinigay ng WA Employment Security Department](#).

10. Natanggap ko ang aking pederal na estimulo na tseke. Kailangan ko bang iulat ang kita na ito?

Huwag, huwag mong iulat ang iyong estimulo na tseke sa Healthplanfinder ng Washington. Ang estimulo na kita ay hindi mabilang para sa Apple Health.

11. Ang aking estimulo na kita ay mas mababa kaysa sa inaasahan ko. Ano ang dapat kong gawin?

Bisitahin ang [website ng Internal Revenue Service \(IRS\)](#) para sa mga katanungan tungkol sa iyong estimulo na tseke.

12. Kailangan ko pa bang bayaran ang bayarin sa seguro ng aking Children's Health Insurance Program o CHIP?

Kung naapektuhan ka ng COVID-19, maaari po ipasulat ang iyong mga balanse sa CHIP kung ikaw ay:

- Hindi kayang bayaran ang mga bayarin sa seguro ng CHIP; o
- Hindi kasalukuyang angkop para sa CHIP dahil sa mga nakaraang bayarin sa mga kabayaran sa pagseseguro ng CHIP



13. Nakatanggap ako ng saklaw sa ilalim ng Apple Health para sa Worker's with Disabilities o HWD. Angkop pa ba ako?

Kung tumatanggap ka ng HWD at may bawas sa kita, nawalan ng trabaho o pansamantalang inalis sa trabaho, maaari mong ipagpatuloy ang saklaw at maiatras ang iyong bayad sa pag-seguro:

- Tawagan ang 1-800-871-9275
- Kung tumatanggap ka rin ng Long Term Services and Supports o LTSS, kontakin ang iyong Public Benefit Specialist o PBS sa pagbisita sa [website ng DSHS Aging and Long-Term Support Administration o ALTSA](#).

14. Hindi ako residente ng Washington, pero bumiyahe dito at sa ngayon ay may sakit at nasa quarantine. Maaari ba akong mag-apply para sa Apple Health para sa pagsusuri at/o paggamot ng COVID-19?

Kung ikaw ay naka-quarantine sa estado ng Washington, maaari kang maging karapat-dapat para sa saklaw at paggamot sa COVID-19. Pakiusap tawagan ang HCA sa 1-800-562-3022 para sa karagdagang impormasyon.

15. Nakatanggap ako ng saklaw sa pamamagitan ng DSHS at tipikal na kailangan kong magbigay ng katibayan ng kita o pahayag mula sa bangko. Kailangan ko pa bang ibigay ang impormasyon na ito sa pamamagitan ng papel?

Hindi, pero kailangan mo ng sariling pagpapatunay sa iyong kita at pinagkukunan kapag nag a-apply, pagpapanibago o nag uulat ng pagbabago. Maaari kang tumawag sa DSHS sa 1-877-501-2233 para iulat ang iyong impormasyon.

16. Nag positibo ako sa COVID-19 sa isang lokasyon ng drive-thru at nag-apply para sa saklaw ng AEM. Ano ang mga dokumentong kailangan kong isumite?

Ang bawat pook ng pagsusuri ay magbibigay ng iba't-ibang dokumentasyon. Magbigay ng kahit anumang kasulatan na iyong natanggap na nagpapakita na ikaw ay nag positibo sa COVID-19. Kailangan mo din na magbigay ng kahit anong tsart at/o mga lista ng paggamot. Anumang dokumentasyon na matatanggap mo mula sa iyong tagabigay bilang patunay ng iyong pagsusuri ay tatanggapin.

